

Tradisyunal na paghahabi, tampok sa nakaraang 1st TELA ASEAN textile confab

Teksto at Larawan ni Rodolfo P. De Guzman, DOST-STII

TAGUIG CITY, Philippines – Napahanga na ba kayo ng mga makukulay na tela at kasuotan mula sa mga bansang kasali sa ASEAN tulad ng Sinh na isang tradisyunal na kasuotan ng mga taga-Laos o ng T'nalak na gawa naman ng kababaihang manghahabi mula sa tribo ng T'boli ng Lake Sebu sa Mindanao?

Ang mga kakaiba at magagarang kasuotang ito ay ipinakita sa 1st TELA ASEAN Textile Conference na ginanap noong Nobyembre 7-8, 2017 sa SMX Convention Center, SM Aura, Bonifacio Global City, Taguig City. Sumali rito ang mga bansang bumubuo ng ASEAN o Association of Southeast Asian Nations tulad ng Lao PDR, Cambodia, Indonesia, Malaysia, Myanmar, Singapore, Thailand, Vietnam, Brunei, at ang Pilipinas.

Ang pagpupulong na ito ay pinamagatang, "Weaves of Change, Fostering Ties that Bind." Ito ay inorganisa ng Philippine Textile Research Institute (PTRI) ng Department of Science and Technology (DOST) sa pagtutulungan ng ASEAN Foundation at ng DOST-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD).

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

J. Burgos Awards muling iginawad sa mga natatanging istorya sa Biotech	p3
Selebrasyon ng 2017 National Inventors Week, tagumpay	p4
Larawanews	p4

Mga teknolohiya at proyekto ng DOST, ibinida sa 2017 Nat'l Biotech Week

Teksto at Larawan ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Dalawa sa maraming proyekto ng Department of Science and Technology ang ibinida sa National Biotechnology Week - ang Biotek M-Dengue Aqua Kit (kaliwa) mula sa DOST-PCHRD na may kakayahang makaalam kung may dengue ang isang pasyente sa loob lamang ng isang oras sa mas murang halaga, at ang Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosk Stations o STARBOOKS (kanan) mula sa DOST-STII na kaunang digital science library-in-a-box sa bansa.

Ilan sa mga proyekto at inobatibong produkto ng Department of Science and Technology (DOST) ang itinampok sa katapos lamang na pagdiriwang ng 2017 National Biotechnology Week (NBW) na ginanap sa Fisher Mall, Lungsod ng Quezon.

Sa limang araw na selebrasyon na tumakbo noong Nobyembre 20-24, 2017, ipinakita ng DOST ang ilang proyekto tulad ng Biotek-M Dengue Aqua Kit ng DOST-Philippine Council for Health Research and Development (PCHRD), STARBOOKS ng DOST-Science and Technology Information Institute (STII), Bioactive Bamboo ng DOST-Forest Products Research and Development Institute, at

Mutation Breeding para sa Mangosteen ng DOST-Philippine Nuclear Research Institute.

Ayon kay Dr. Jaime C. Montoya, executive director ng DOST-PCHRD, ang mga proyekto at teknolohiyang nasaksihan ng publiko ay ilan lamang sa pagpapatunay ng mabuting naududulot ng bioteknolohiya, partikular na sa pagbibigay ng mas magandang uri ng pamumuhay sa bawat Pilipino.

"Ang mga okasyong kagaya ng NBW ang isa sa mga inaabangan ng DOST sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon na ipaliwanag at ipagmalaki sa publiko ang mga pagsisikap ng ating mga siyentista, partikular sa larangan ng bioteknolohiya," sabi ni Dr. Montoya.

sundan sa pahina 2



Pagkakaisa ng ASEAN. Ang mga delegado ng 1st TELA ASEAN Textile Conference ay nagpakita ng kanilang pagkakaisa na palakasin pa ang tradisyonal na handloom weaving at paggamit ng natural na pangkulay(dye) para sa paggawa ng tela. Pinangunahan ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (pampito mula sa kanan) at Philippine Textile Research Institute (PTRI) Director Celia B. Elumba (pangwalo mula sa kanan) ang naturang kumperensya kasama si ASEAN Foundation Director Elaine Tan (pang-anim mula sa kanan).

Trdisyunal na... Mula sa pahina 1

Ang TELA ay hango sa programa ng DOST-PTRI na "Textiles Empowering Lives Anew" na may layuning isulong ang paggamit ng siyensya at teknolohiya upang mapalakas ang industriya ng tela sa bansa.

Pahayag ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña sa kanyang mensahe na ang kumperensyang ito ay makasagot sa mga pangunahing isyung hinaharap ng mga miyembro ng ASEAN. Aniya, ang "clothing and textile" ay "common denominator and textile is a fusion of culture."

Sinabi rin ng Kalihim na dapat pagsamahin ang teknolohiya at ang malikhaing sining

upang magkaroon ng pangkalahatang kaunlaran at ang tinatawag na innovative capacity at sabay na masusing intindihin ang ASEAN, matutunan ang mga mahuhusay na kaparaanan, at matugunan ang mga isyu tungkol sa sektor ng tela kalapit ang pagsusog sa environmental security at sustainability.

"The TELA ASEAN Textile Conference is a first of its kind that coincides with PTRI's and ASEAN's 50th year anniversary, focusing on strengthening collaboration on textile research and technology, supporting the growth of the handloom weaving industry, and promoting the use of sustainable natural textile materials and natural dyes to achieve sustainable economic growth and meeting the demands of globalization," pahayag naman ni Director Celia B. Elumba ng DOST-PTRI.

Nagkaroon ng mga forum kung saan nagsalita ang mga kinatawan ng iba't ibang bansa ng ASEAN tungkol sa kanilang mga programa na nagsusulong sa handloom weaving at pagpapalawak ng paggamit ng natural dyes.

Si Phon Sreyrath ng Cambodia, general manager ng Khmer Artisanry, ay nagsalita tungkol sa silk weaving na may tradisyunal at makalumang "ikat" technique gamit ang disenyo ng bulaklak at peacock. "In Cambodia, we produce organic silk and natural dyed products that help improve rural life by providing jobs for community workers, promote products made by disabled people, promote Khmer products in international markets and inspire the young generation to keep dyeing alive and to preserve cultural pride," sabi ni Phon Sreyrath.

Mga teknolohiya... Mula sa pahina 1

Ibinahagi naman ng mga ilang dumalo ang kanilang kasiyahan matapos bumisita sa mga eksibit ng NBW. Kabilang na rito ang mga guro at mag-aaral mula sa Judge Juan Luna High School sa Lungsod ng Quezon.

"Masaya, kasi maraming natutunan hindi lamang ang mga bata kung hindi pati kaming mga guro. Mas lumalalim ang aming kaalaman pagdating sa bioteknolohiya na hindi lamang pala sa agrikultura ang benepisyo nito. Nakakatulong din pala ito sa pagtuklas ng iba't ibang sakit gaya ng dengue sa mas mabilis na pamamaraan," sabi ni Helen J. Barnice, science teacher mula sa Judge Juan Luna High School.

"Sana balang araw po maging scientist din ako katulad ng mga nakausap namin sa mga booth kasi nakakamangha po iyong mga kaalaman na ibinabahagi nila sa mga katulad namin na nagpupunta sa bawat eksibit," masayang paglalahad ni Roldan C. Gamalinda, grade 6 na mag-aaral mula sa Masambong Elementary School, Lungsod ng Quezon.

Bukod sa pakikilahok sa mga eksibit sa NBW, nagsagawa rin ng iba't ibang talakayan at pagsasanay ang mga ahensyang nasa ilalim ng DOST. Kabilang na rito ang Health Forum ng DOST-PCHRD na kung saan naging pokus nito ang mga pag-aaral na may kinalaman sa sakit sa puso at diabetes. Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga mag-aaral sa kolehiyo at sekondarya na matuto kung paano sumulat ng mga istoryang naglalahad ng benepisyo ng bioteknolohiya na inorganisa ng DOST-STII.

Career Talk ng DOST-Philippine Science High School System, Biotek Film Showing ng DOST-Science Education Institute, at Agriculture Forum ng DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development, ang ilan pa sa mga aktibidad na isinagawa ng DOST.

Sa taong ito, ang Department of Agriculture ang ahensyang nanguna sa pagdaraos ng pagdiriwang ito, kung saan naging katuwang nila rito ang DOST, Department of Health, Department of Trade and Industry, Department of Education, Commission on Higher Education, Department of Interior and Local Government, Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture-Biotechnology Information Center, at ang Biotechnology Coalition of the Philippines

Sa susunod na taon, DOST ang naatasang mamuno sa pagdiriwang ng NBW.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA

Managing Editor

JAMES B. INTIA

Layout Artist

RODOLFO P. DE GUZMAN

Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

J. Burgos Awards muling iginawad sa mga natatanging istorya sa Biotech

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Ginawaran ng J. Burgos Awards for Biotech Journalism ang mga manunulat na sina (mula sa kaliwa) Ace June Reil V. Perez ng Sun Star Davao, James Konstantin T. Galvez ng The Manila Times, Jasper D. Arcalas, Stephanie B. Tumamos, at Lyn B. Resurreccion ng Business Mirror. Kasama rin sa larawan sina Dr. Vivencio R. Mamaril, director ng Biotechnology Program Office ng Department of Agriculture, Melly B. Tenorio ng Radyo Pilipinas na isa sa mga tumayong hurado, at Dr. Editha J. Burgos, chief executive officer ng J. Burgos Media Services. (Larawan mula sa J. Burgos Media Services).

Itinampok ang J. Burgos Awards for Biotech Journalism sa katatapos lamang na selebrasyon ng 2017 National Biotechnology Week o NBW, kung saan binigyang parangal ang mga pinakamahuhusay na nailathalang artikulo na tumatalakay sa mga benepisyong naibibigay ng bioteknolohiya sa nagdaang taon. Ginanap ang paggawad ng pagkilala noong Nobyembre 22, 2017 sa Brentwood Suites sa Lungsod ng Quezon.

Kabilang sa mga nagwagi sa news category ay ang artikulo ni James Konstantin T. Galvez ng The Manila Times na may pamagat na "Challenged SEARCA stresses 'safe scientific' agri technologies," na siyang nanguna sa nasabing kumpetisyon. Pumangalawa ang istorya ni Jasper D. Arcalas na may pamagat na "Use of high-yielding GM varieties will allow farmers to export corn" na nailathala sa Business Mirror. Ang kumumpleto sa listahan

ng mga nanalo sa nasabing kategorya ay ang artikulo ni Ace June Reil V. Perez ng Sun Star Davao na may pamagat na "PH is top grower of GM crops in SEA."

Nanguna muli ang artikulo ni Galvez ng The Manila Times sa feature category na may titulong "SEARCA seeks stronger law on biotech crops." Nakuha naman ng istorya ni Manuel B. Cayon na may titulong "GM crops planted in 185M ha worldwide" ang pangalawang puwesto. Samantala, pumangatlo naman ang istorya ni Stephanie B. Tumamos na may pamagat na "Filipino scientists, regulators look into GMO perceptions" ng Business Mirror.

Nakuha naman ng Business Mirror ang unang puwesto sa institutional category na sinundan naman ng The Philippine Star. Nagtabla sa ikatlong puwesto ang The Manila Times at Manila Bulletin.

Ayon kay Tumamos, magsisilbing inspirasyon para sa mga katulad niyang manunulat ang mga parangal na iginawad upang mas magsumikap pa silang ipalaganap sa publiko ang mga benepisyong naibibigay ng mga pag-aaral at produktong may kinalaman sa bioteknolohiya.

Ang lahat ng mga nanalo ay tumanggap ng mga tropeyo at cash na may halaga na P30,000.00 para sa unang puwesto, P20,000.00 sa ikalawang puwesto, at P10,000.00 sa ikatlong puwesto.

Samantala, nagsilbing hurado para sa taong ito sina Ares C. Gutierrez, pinuno ng Public Affairs and Information Services Office ng Lungsod ng Quezon; Angelo B. Palmones, dating Party-List Representative at batikang mamahayag sa radyo; at Melly B. Tenorio, radio supervisor at broadcaster sa Radyo Pilipinas.

Selebrasyon ng 2017 National Inventors Week, tagumpay

Teksto at Larawan Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*

Tagumpay na naisagawa ng Filipino Inventors Society Producers Cooperative o FISPC, sa pakikipagtulungan sa Department of Science and Technology (DOST), ang selebrasyon ng National Inventors Week o NIW noong ika-20 hanggang 24 ng Nobyembre sa Cauayan City, Isabela.

Ang selebrasyon ngayong taon na unang beses na isinagawa sa labas ng Metro Manila ay pinangunahan nina DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, DOST-Region II Director Sancho A. Maborang, DOST-NCR Director Jose B. Patalinjug III, Isabela State University (ISU) President Ricmar P. Aquino, at FISPC President Francisco 'Popoy' O. Pagayon.

Sa talumpati ni Pagayon, ipinagmalaki niya ang natatanging katangian ng mga Pilipinong imbentor. "Hindi na sila imbentor lang, sila ay inven-trepreneur na dahil marunong na silang magnegosyo," aniya.

Sa kabilang banda, tinawag naman ni ISU President Aquino na 'modern day heroes' ang mga Pilipinong imbentor dahil sa napakahalagang kontribusyon nila sa pagpapadali ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Sa talumpati naman ng pagtanggap ni Cauayan City Mayor Bernard Faustino M. Dy, magiliw niyang inilarawan ang mga Pilipinong imbentor bilang 'crazy minds.' Katulad ni ISU President Aquino, sinabi rin ng butihing Mayor na ang pagtitipon ay isang paraan ng



Masusing pinapanood ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña (kanan), kasama ang mga mananaliksik mula sa Central Luzon State University, ang isang video presentation ukol sa hydroponics o ang siyensiya ng pagtatanim at pagpapalago ng mga halaman nang hindi na ginagamitan ng lupa bagkus ay gumagamit lamang ng tubig na may halong nutrisyon na kailangan ng mga halaman upang lumago.

pagsasama-sama at pagkilala sa 'crazy minds' na aniya ay may kakayahang magpabago sa mundo.

Nagbahagi naman ng payo si Sec. de la Peña tungkol sa kahalagahan ng innovation o pagbabago sa larangan ng agham at teknolohiya. "Kailangang maging innovative tayo kasi kung ang ating mga produkto ay katulad lang sa iba, mahihirapan tayong makipagkumpetensya. Kailangan ay may naiibang katangian, at tayo ay nag-iisa lamang

sa ating produkto para tayo ay talagang maging matagumpay," ayon kay de la Peña.

Ang pagdaraos rin aniya ng NIW ay isang mahalagang paraan para isulong ang 'culture of innovation' at maipakita sa lahat ang importansya ng inventions at innovations.

Ang FISPC ay ang nangungunang kooperatiba sa bansa na may layong maipakilala at maipalaganap ang imbensyon ng mga Pilipino, hindi lang sa loob ng bansa kung hindi maging sa iba pang panig ng daigdig.

LarawaNEWS



Communicating Biotechnology. Nagbigay ng ilang mga gabay sa pagbabalita ng bioteknolohiya si Shaira Panela, isang freelance science writer, sa isang writeshop noong Nobyembre 21, 2017 sa Brentwood Suites, Diliman, Quezon City. Dala ng writeshop ang temang "#ScienceJournoAko: Communicating the Benefits of Biotechnology," bilang bahagi ng National Biotechnology Week na idinaos mula Nobyembre 20-24, 2017. Nagtulungan ang Department of Science and Technology-Philippine Council on Health Research and Development (DOST-PCHRD) at ang DOST-Science and Technology Information Institute (STII) sa nasabing writeshop upang mahikayat ang pagbabalita ng biotechnology sa bansa. (Teksto ni David Matthew C. Gopilan at Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII).